Taong 2025
vol.4

# Paliwanag Para sa Mahahalagang Bagay

## Sa Paggamit ng mga Serbisyo sa Komunikasyon ng au/UQ mobile

Ang dokumentong ito ay nagpapaliwanag ng mga mahahalagang bagay kaugnay ng pakikipagkontrata sa serbisyo sa komunikasyon ng au/UQ mobile. Mangyaring unawain muna ang mga detalye bago makipagkontrata.
Mangyaring makipag-ugnayan sa staff kung may anumang katanungan.

Impormasyon mula Nobyembre 2025 (AAM0068)

**KDDI Corporation**
https://www.au.com/
https://www.uqwimax.jp/mobile/

□ウェブサイトに掲載する定型約款が適用されることについて説明しました。
□「店頭にて確認」する内容と、「お客さまご自身で確認」する内容があることについて説明しました。

## Pakikumpirma sa Tindahan

### Mahahalagang Bagay ▶▶▶P2

Mangyaring kumpirmahin ang mga nakalagay na dapat tandaan.

- Para sa Gagamit (Serbisyo ng Filtering)
- Pagbabayad
- Bayad sa Pagkansela ng Kontrata
- Kalidad ng Koneksyon at Service Area
- Paglilimita sa Bilis ng Komunikasyon at Paggamit ng RCS
- Pagkansela sa Loob ng 8 Araw (Mga Bagay Tungkol sa Panukalang Kumpirmasyon)
- Paraan ng Pagtingin ng Nilalaman ng Kontrata

## Pakikumpirma sa Inyong Sarili

### Iba Pang Mga Paunawa ▶▶▶P9

Ang mga kokontratahing serbisyo ay saklaw ng mga termino at kondisyon ng kontrata na nakalagay sa website sa ibaba.

■ au
https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/conditions/

■ UQ mobile
https://www.uqwimax.jp/mobile/support/contract/agreement/

Ang pinakabagong bersyon ng dokumentong ito ay nakalagay sa website.

■ au
https://www.au.com/mobile/information/

■ UQ mobile
https://www.uqwimax.jp/mobile/description/

- Ang mga halaga na nakalagay sa dokumentong ito ay may kasama nang buwis maliban kung nakasaad na wala. Ang aktuwal na halaga na sisingilin ay hindi eksakto sa kabuuan ng bawa't halaga na may kalakip na buwis, dahil ikakalkula ang halaga ng buwis mula sa kabuuan ng bawa't halaga na walang kalakip ng buwis. Ang halaga na may kalakip na buwis ay nakalagay dito na tinanggal ang decimal place (maliban sa halaga ng pagtawag at komunikasyon).
- Maaaring magbago nang walang paalala upang isaayos ang serbisyo at singil.

□「ご利用者さまの確認（フィルタリングサービス）」について説明しました。
□18歳未満がご利用される場合、別紙にて、フィルタリングサービスの設定、ご利用方法や「アプリやWEBサイト利用時の注意」について説明しました。

## Para sa Gagamit (Serbisyo ng Filtering)

Aalamin kung ang bibilhing device (linya) sa ilalim ng prosesong ito ay gagamitin ng mamimili mismo o ng kaniyang pamilya.

### ■ Kapag mag-isang pumunta sa tindahan ang mamimiling may edad

Maaaring makatanggap ang pamilya ng tawag mula sa staff.


### ■ Kapag ang gagamit ay mas mababa sa edad na 18

Kapag ang gagamit ay wala pang edad 18, kailangang kunin at i-setup ang serbisyo ng filtering pagkabili ng handset alinsunod sa batas.

- Maaaring mabawasan ang nakikitang mapanganib na impormasyon ng menor de edad sa pamamagitan ng paggamit ng serbisyo ng filtering.
- Ang paraan ng pagtakda o paggamit ng serbisyo ng filtering ay ipapaliwanag ng staff nang hiwalay.

**【Pakiusap sa May Kustodiya】**

- Kapag hindi kukunin ang serbisyo ng filtering, kailangang magsumite ng “Pagpapaalam na Hindi Gagamit ng Serbisyo ng Filtering”.
- Kailangan ng inisyal na setting ng filtering. Kailangan ng pagpapaalam kapag hindi ipapalagay ang inisyal na setting ng filtering sa tindahan.
- Siguraduhing magsagawa ng inisyal na setting ng filtering sa bahay atbp. sa responsibilidad ng may kustodiya.



**〈Mga Dapat Tandaan sa Panahon ng Konklusyon ng Kontrata Alinsunod sa Pagbaba ng Adultong Edad〉**

Alinsunod sa pagbaba ng adultong edad, hindi na kailangan ng permisyon ng may kustodiya kapag ang mamimili ay 18 edad o higit pa sa panahon ng konklusyon ng kontrata ng mobile phone o ng electronic communication service. Sa panahon ng konklusyon ng kontrata, mangyaring intindihin nang husto ang nilalaman bago makipagkontrata.

# Pagbabayad

## Halaga na Babayaran ng Mamimili

Tatlong klase sa ibaba ang babayaran ng mamimili alinsunod sa kontrata ng serbisyo ng komunikasyon.

**①Bayad Para sa Handset**
**②Buwanang Bayad Para sa Detalye ng Kontrata**
**③Bayad Para sa Pakikipagkontrata**

※May nakatakdang babayaran para sa proseso ng bagong kontrata o pagpapalit ng modelo.
Mangyaring tingnan ang website para sa detalye.
〈au〉https://www.au.com/mobile/information/contract/
〈UQ mobile〉https://www.uqwimax.jp/mobile/description/

au　UQ mobile

### 〈Imahe ng Pagbabayad〉

<table>
<tr><th></th><th>① Bayad Para sa Handset</th><th></th><th>② Buwanang Bayad Para sa Detalye ng Kontrata</th><th></th><th>③ Bayad Para sa Pakikipagkontrata</th></tr>
<tr><td rowspan="3">Isahang Bayad</td><td rowspan="3">Bayad para sa Handset, atbp.</td><td rowspan="3">+</td><td>Basic charge</td><td rowspan="6">+</td><td rowspan="6">Bayad Para sa Pakikipagkontrata (Para lamang sa unang bayad)</td></tr>
<tr><td>Flat Rate Data</td></tr>
<tr><td>Bayad sa Opsyonal na serbisyo</td></tr>
<tr><td rowspan="3">Hulugang Bayad</td><td rowspan="3">Parte ng Bayad para sa Handset・Hulugang Bayad (Bayad para sa Handset, atbp.)</td><td rowspan="3">+</td><td>Bayad sa Tawag / Internet</td></tr>
<tr><td>Universal Service Charge*1<br>Telephone Relay Service Charge*2</td></tr>
<tr><td>Bayad sa paggamit ng au PAY<br>(au Simple Payment Service)*3</td></tr>
</table>

Ang panahon ng pagsingil kapag bibili ng handset sa pamamagitan ng hulugang bayad o installment ay mula sa【Dalawang buwan matapos ang aplikasyon】sa Kontrata sa Ikatlong Partido Para sa Bawa't Produktong Bibilhin sa Utang, at Kontrata sa Pagbili sa Bayad na Hulugan.

*1 Ang universal service charge, ay sisingilin upang magamit ang serbisyo ng pagtawag ng subskripsyon na telepono ng lahat ng sambahayan sa buong Japan nang pantay-pantay at matatag. Babayaran ang halaga na nakasulat sa website (https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/universal/) sa bawat nakakontratang numero.

*2 Ang Telephone Relay Service Charge ay binabayaran upang mapanatili ang tama at tiyak na paghahatid ng "Telephone Relay Service" kung saan kinokonekta upang magkaintindihan ang mga may kapansanan sa pandinig o pagsasalita at mga taong maayos ang pandinig. Babayaran ang halaga na nakasulat sa website (https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/telephonerelay/) sa bawat nakakontratang numero.

*3 Ang au PAY (au Simple Payment Service) ay isang Carrier Payment Service kung saan maaaring kahaliling magbayad para sa shopping o biniling contents sa smartphone o PC. Maaari itong gamitin sa default condition nito sa panahon ng pagkuha ng kontrata. (https://kantan.auone.jp/service/)

## Araw ng Pagbabayad

Ang buwanang bayad ay sisingilin mula sa susunod na buwan ng paggamit
Ang araw ng pagbabayad ay nagbabago depende sa paraan ng pagbabayad.

| | |
|---|---|
| Account Debit | Ika-25 araw ng susunod na buwan o huling araw ng susunod na buwan (Hindi limitado dito kapag magkasama ang pagsingil) |
| Credit Card | Susundin ang araw ng deduction na itinakda ng kumpanya ng credit card na ginagamit |

□「解約時にかかる料金」について説明しました。



# Bayad sa Pagkansela ng Kontrata

Babayaran ang mga nasa ibaba batay sa nilalaman ng kontrata o kalagayan ng paggamit sa oras na ipakansela ang serbisyo ng komunikasyon.

## Mga Babayaran sa Pagkansela ng Kontrata

| Isang buong buwang bayad para sa buwan ng pagkansela (Hindi kada araw na singil) | Bayad sa paggamit hanggang sa araw ng pagkansela | | **Batay sa Nilalaman ng Kontrata o Batay sa Kalagayan ng Paggamit** |
|---|---|---|---|
| • Basic charge<br>• Flat Rate Data<br>• Bayad sa Opsyonal na Serbisyo*1 | • Bayad sa Tawag / Internet, at iba pa. | + | • Bayad sa paggamit ng au PAY (au Simple Payment Service)<br>• Iba Pang Bayad (Iba't Ibang Bayad, Bayad sa Hulog o Utang*2, Bayad sa Pagkansela ng Kontrata*3) |

*1 Maaaring singilin nang kada araw alinsunod sa detaye ng kontrata.
*2 Ang balanse ng hulugang bayad o installment para sa handset ay patuloy na sisingilin (maaari ring bayaran nang isahan).
*3 Kapag pinakinansela sa loob ng 1 taon ang mga bagong kontratang linya simula ika-1 ng Oktubre ng taong 2025, hanggang ¥1,100 para sa bayad sa kanselasyon ang sisingilin.

**Ang mga may bayad na contents at aplikasyon ay hindi awtomatikong makakansela ang kontrata.**
**Ang mamimili mismo ang dapat magsagawa ng proseso sa naghahatid ng serbisyo para sa pagkansela ng kontrata.**

## Proseso ng Iba't Ibang Uri ng Pagpapalit

Inirerekomenda ang store reservation kapag magsasagawa ng proseso. Maaaring kumpirmahin sa "Maghanap ng Shop / Store Reservation" sa homepage ang mga tindahan at magsagawa ng proseso matapos ang store reservation.

〈au〉

| Mga Proseso | Lugar kung saan maaaring isagawa ang proseso |
|---|---|
| **Pagpapalit ng modelo, Pagbabago ng payment plan** | au Style, au Shop, Tindahan ng Toyota au (maliban sa ilang tindahan), Malaking Retailer / Retailer ng ilang uring brand, at iba pa |
| **Pagpapalit at Pagkansela ng Ibang Serbisyo Bukod pa sa nasa Itaas** | au Style, au Shop, Tindahan ng Toyota au (maliban sa ilang tindahan) |

※Maaari ring isagawa sa "My au" at Customer Center ang ilang proseso.

〈UQ mobile〉

| Mga Proseso | Lugar kung saan maaaring isagawa ang proseso |
|---|---|
| **Pagpapalit ng modelo, Pagbabago ng payment plan** | UQ Spot, au Style, au Shop, Tindahan ng Toyota au (maliban sa ilang tindahan), Malaking Retailer / Retailer ng ilang uring brand, at iba pa |
| **Pagpapalit at Pagkansela ng Ibang Serbisyo Bukod pa sa nasa Itaas** | UQ Spot, au Style, au Shop, Tindahan ng Toyota au (maliban sa ilang tindahan) |

※Maaari ring isagawa sa "My UQ mobile" at UQ mobile Customer Center ang ilang proseso.

□「通信品質・サービスエリア」について説明しました。
□「エリア品質情報送信機能」について説明しました。


# Kalidad ng Koneksyon at Service Area

Hindi magagamit sa mga lugar na hindi naaabot ng signal at sa labas ng service area. Ang service area at bilis ng komunikasyon ay nag-iiba depende sa uri ng ginagamit na handset o sa suportadong frequency bandwidth.
Depende sa kondisyon at lokasyon ng linya, maaaring bumagal o hindi magamit ang koneksyon.

Halimbawa) Tunnel, ilalim ng lupa, loob ng gusali, likod ng mataas na gusali, bulubunduking lugar, mataas na lugar, mataas na gusali/condominium, atbp

## 〈Service Area〉

| | |
|---|---|
| au | https://www.au.com/mobile/area/map/ |
| UQ mobile | https://www.uqwimax.jp/mobile/area/ |
| au/UQ mobile 4G LTE (1.7GHz+2.0GHz)* | https://www.au.com/mobile/area/map/specific/ |



＊Kumpirmahin mula sa area map kapag gagamit ng hindi suportado ang 1.7GHz at 2.0GHz at ng hindi suportado ang 800MHz.
Maaaring magkaroon ng ilang hindi suportado na area nang walang paunawa dahil sa paglipat ng mga pasilidad ng base station sa panahon matapos ang paglagay sa angkop na area map.

## Area Quality Information Transmission Function

Upang mas mapaganda ang kalidad ng service area, maaaring mangolekta ng impormasyon hinggil sa kalidad ng data communication, kondisyon ng signal at lugar (GPS info). Ang nakalap na impormasyon ay gagamitin lamang para sa pagpapaganda ng kalidad ng service area. Hindi magsasagawa ng pagkolekta ng nilalaman ng komunikasyon o ng pribadong impormasyon ng mamimili.

※Ang function na ito ay maaaring tanggalin sa mga saklaw na handset.

## Tungkol sa Koneksyon ng 5G

- Ang mga handset na saklaw ng 5G ay maaari ring gumamit ng 4G LTE area dagdag pa sa 5G area.
- Ang signal ng 5G ay mas mahirap makarating sa loob ng bahay kumpara sa 4G LTE dahil sa uri ng signal nito kaya maaaring maging 4G LTE ang koneksyon kahit nasa loob ng service area.
- Sa 5G device, maaaring nakalagay sa antenna mark ang “5G” kahit na nasa ilang lugar na hindi magagamit ang koneksyong 5G. Dagdag pa dito, maaaring mapalitan ang antenna mark ng “4G” para sa pagtawag at koneksyon.

  ※Kapag sinimulan ang koneksyon sa Sub6 o mmWave, makikita ang antenna mark na “5G+” sa ilang mga handset.

## Tungkol sa Paggamit ng Koneksyon ng 5G SA

- Upang magamit ang koneksyon ng 5G SA, kailangan ng device na suportado ang 5G SA, suportadong SIM, at kontrata ng 5G SA.
- Kailangan ng setting ng 5G SA connection function at ng software update depende sa gagamiting device.
- Maaaring kumpirmahin sa website ang mga detalye tungkol sa mga brand at modelo na suportado ang koneksyon ng 5G SA, at ang setting nito.

  〈au〉https://www.au.com/mobile/service/5gsa/

  〈UQ mobile〉https://www.uqwimax.jp/mobile/plan/option/5gsa/

  au　UQ mobile
- Ang antenna mark na makikita habang nakakonekta sa 5G SA ay “5G” pa rin.

  ※Mayroong planong palakihin ang service area ng 5G SA sa mga susunod na panahon.

  ※Kapag sinimulan ang koneksyon sa Sub6 o mmWave, makikita ang antenna mark na “5G+” sa ilang mga handset.

□「通信速度の制限」、「通信識別機能」、「通信制御機能」について説明しました。
□「RCSのご利用」について説明しました。

# Paglilimita sa Bilis ng Komunikasyon at Paggamit ng RCS



## Kapag Lumampas sa Takdang Dami kada Buwan ang Nagamit na Data

Lilimitahan hanggang sa katapusan ng kasalukuyang buwan ang bilis ng koneksyon at tatanggalin ang limitasyon sa unang araw ng susunod na buwan.
Ang limitasyon ng bilis ng koneksyon ay nag-iiba depende sa plan (hanggang 128kbps, 300kbps, 1Mbps, at iba pa).
Maaaring kumpirmahin sa website ang mga karagdagang detalye.
〈au〉https://www.au.com/mobile/information/packet/
〈UQ mobile〉https://www.uqwimax.jp/mobile/description/

au UQ mobile

Dagdag pa dito, ang limitasyon ay aalisin kapag bumili ng data allowance.

## Kapag Mayroong Paggamit ng Maraming Data sa Oras na Masikip ang Network

Maaaring limitahan ang bilis ng koneksyon sa mga oras na masikip ang network kapag mayroong paggamit ng maraming data. Maaaring kumpirmahin ang detalye sa website.
※Saklaw pa rin ng limitasyon kahit na bumili ng data allowance gamit ang "Data Charge" o nagdagdag ng data allowance gamit ang extra option.
※Maaaring iba ang detalye ng limitasyon ng ilang mga plan, kaya mangyaring kumpirmahin ang webite (https://www.au.com/mobile/information/charge/).

## Tungkol sa Communication Identification Function

Habang nakakontrata sa price plan sa ibaba, mailalapat ang communication identification function (function kung saan makikilala ang kabilang partido at ginagamit na serbisyo ng kasalukuyang koneksyon).

- Mga payment plan na may "Value Link", "Unlimited Data", o "Money Activity" sa pangalan tulad ng au Value Link Plan, Unlimited Data MAX+ 5G, au Money Activity Plan+ 5G, at iba pa
- U12 Value Plan

※Maaaring madagdagan ang mga saklaw na price plan ng communication identification function.
Mangyaring tingnan sa website sa ibaba ang mga pinakabagong saklaw na price plan.
https://www.au.com/mobile/information/contract/
Kapag nagpalit ng plan papunta sa price plan na saklaw din ng communication identification function, magpapatuloy pa rin ang function na ito.

Ang resulta ng identipikasyon ay gagamitin sa data volume count base sa price plan, at sa limitasyon sa bilis ng komunikasyon.

## Communication Control Function

Kikilalanin ang kinokonektahan o ang aplikasyon na ginagamit sa kontrata ng 5G service upang mapanatili at mapataas ang kalidad ng network. Ang resulta ng identipikasyon ay maaaring gamitin sa pagkontrol ng bilis ng komunikasyon sa panahon na maraming gumagamit.

## Paggamit ng RCS

Kokolektahin, magpapalitan at parehong gagamitin ng KDDI at ng ahente ng kumpanya na Jibe Mobile (subsidiary ng Google) ang mga impormasyon sa ibaba.

- Impormasyon ng gumagamit (numero ng mobile phone, kumpanya ng kasalukuyang ginagamit na mobile phone, at iba pa)
- Impormasyon ng pagpapadala at pagtanggap (petsa ng pagpapadala at pagtanggap, numero ng mobile phone ng nagpadala at tumanggap / impormasyon sa network, nilalaman ng mensahe ng pagpapadala at pagtanggap, resulta ng pagpapadala at pagtanggap, impormasyon ng group chat)

Ang mga nakuhang impormasyon ay gagamitin sa loob ng kinakailangang panahon para sa paghahatid, pagpapatakbo(kabilang na ang pagpigil sa mga pag-iistorbo at pandaraya), at pagpapabuti ng serbisyo.
Dagdag pa dito, hindi titingnan ang nilalaman ng mga mensahe.
Maaaring i-set ang pagpapawalang-bisa ng RCS sa "My au" at "My UQ mobile".
https://my.au.com/rd/rcsdisable

□「8日間キャンセル（確認措置に関する事項）」について説明しました。

## Pagkansela sa Loob ng 8 Araw (Mga Bagay Tungkol sa Panukalang Kumpirmasyon)

Maaaring ipakansela ang nauukol na kontrata kapag nagreport sa loob ng 8 araw ang alinman sa tatlong kondisyon sa ibaba.




Kapag hindi sapat ang signal sa bahay



Kapag napag-alaman na hindi sapat ang paliwanag tungkol sa kontrata



Kapag hindi naisagawa ang kontrata nang naaayon sa batas

**Mangyaring magtanong sa tindahan kung saan isinagawa ang proseso**

**Mangyaring magtanong sa tanggapan na nasa ibaba**

| | Customer Center | Signal Support 24 Website |
|---|---|---|
| **au** | ■ Chat<br>Mangyaring i-access ang QR code at magpadala ng katanungan.<br>Oras ng Pagtanggap: 24 oras<br>(Walang bakasyon buong taon)<br>http://kddi-l.jp/sFR<br>■ Telepono<br>Mula sa au mobile phone: Walang area code 157 (libre)<br>Mula sa landline: 0077-7-111 (libre)<br>Oras ng Pagtanggap: 9:00～20:00<br>(Walang bakasyon buong taon)<br>http://kddi-l.jp/MCL | https://www.au.com/mobile/area/dennpa-support |
| **UQ mobile** | ■ Chat<br>Mangyaring i-access ang QR code at magpadala ng katanungan.<br>Oras ng Pagtanggap: 24 oras<br>(Walang bakasyon buong taon)<br>http://kddi-l.jp/u1V<br>■ Telepono<br>Mula sa UQ mobile o landline: 0120-929-818 (libre)<br>Oras ng Pagtanggap: 10:00～19:00<br>(Walang bakasyon buong taon)<br>http://kddi-l.jp/3DX | https://www.uqwimax.jp/mobile/area/4g/waves-support/ |


※Nakasulat sa kontrata ang detalye ng paraan ng pagkansela kaya mangyaring kumpirmahin ito.

□「契約内容の確認方法」について説明しました。



# Paraan ng Pagtingin ng Nilalaman ng Kontrata

Ang dokumento ng kontrata ay maaaring ibigay sa porma ng “digital data” o kaya ay “papel” na maaaring piliin. Inirerekomenda ang pagkumpirma sa “My au” o sa “My UQ mobile” sa pagsusulong ng pagiging paperless.




Dagdag pa dito, kapag maghahatid ng paunawa sa hinaharap ukol sa pagbabago ng nilalaman ng kontrata tulad ng may kinalaman sa babayaran o sa serbisyo, maaari itong ipapadala alinsunod sa piniling paraan ng paghahatid. (Ipapadala gamit ang koreo kapag pinili ang “papel”)

**Pagkumpirma sa “My au” o sa “My UQ mobile”**

Maaaring kumpirmahin o baguhin ang nilalaman ng kontrata sa aplikasyon. Maaari ring makumpirma ang halaga ng babayaran, detalye ng babayaran, at ang kalagayan ng paggamit ng data.

**Paraan ng pag-download ng “My au App” o ng “My UQ mobile App”**

I-search sa Google Play o sa App Store ang “My au” o ang “My UQ mobile”

Maaari ring tingnan mula sa URL ng ipinadalang SMS sa panahon ng aplikasyon.

| | |
|---|---|
| au<br>UQ mobile | https://cs.kddi.com/pr.htm |

※Mababasa ito simula sumunod na araw matapos makipagkontrata hanggang sa ika-6 na buwan. Mangyaring i-download o i-print kapag kinakailangan.

# Iba Pang Mga Paunawa

## 1. Bayad

### Tungkol sa Pagbabayad

- Sisingilin sa pamamagitan ng "Bill on WEB" na makikita ang bayad para sa paggamit sa internet. Hindi ipapadala ang bayarin sa papel, atbp. Ipapadala sa SMS/+Message/e-mail ang paunawa na natiyak na ang babayarang halaga kada buwan. Maaari ring baguhin sa "My au" o sa "My UQ mobile" ang papadalhan, o i-set ang nilalaman ng paunawa.
  ※Ang prosesong ito ay maaaring isagawa ng mga bagong Mamimili mula sa susunod na araw.

  〈My au〉 http://my.au.com/rd/mail

  〈My UQ mobile〉 https://www.uqwimax.jp/r/01752

  • Kung nais ng mamimili ang pagpapadala ng "Papel na Bayarin", kailangan ng bukod na aplikasyon. Sisingilin ang gastos para sa paggawa at pagpapadala ng papel na bayarin ng (¥253 kasama ang buwis / isang singil).

  • Magpapadala ng transfer form kahit na ano man ang aplikasyon sa "Papel na Bayarin" para sa mga mamimili na magbabayad ng over the counter. Mayroong babayaran para sa pagtanggap sa over the counter (¥473 kasama ang buwis /isang singil, kasama ang bayad para sa pagpiprinta ng papel).
- Kapag ang halaga para sa paggamit ay hindi nakakaabot sa halaga na itinalaga ng KDDI (¥5,000 kasama ang buwis para sa direct debit, ¥330 kasama ang buwis para sa over the counter payment) sa pagbabayad maliban sa paggamit ng credit card, ito ay sisingilin kasabay ng babayaran sa susunod na buwan (Gayunpaman, hindi ito mailalapat habang binabayaran ang utang na hulugan o ang produktong binili sa utang, o kapag nakikipagkontrata sa UQ mobile/Okinawa Cellular Telephone Company).
- Kapag hindi natiyak ang pagbabayad hanggang sa petsa ng pagbabayad na itinakda ng KDDI, maaaring singilin ang halaga para sa pagpapahuli sa pagbabayad, at ihinto ang serbisyo para sa pagtawag ayon sa mga probisyon ng au para sa kontrata. Sisingilin pa ang basic charge, atbp. kahit habang inihihinto ang pagtawag.
- Kapag hindi nababayaran ang halaga para sa paggamit ng alinman sa serbisyo ng telekomunikasyon ng KDDI (kabilang rin ang hindi au/UQ mobile) na nakakontrata ngayon o noon, maaaring ihinto ang paggamit para sa lahat ng kontrata, o kanselahin ang mga kontratang iyon. Para sa mga ipinamana, kapag ang nakaraang may-ari ay hindi nakapagbayad sa nakaraan o habang nakikipagkontrata sa serbisyo ng kuryente at internet (kabilang rin ang hindi au/UQ mobile), maaaring ipatigil o di kaya ay kanselahin ang lahat ng nakakontrata sa mamimili.
- Kapag mataas na ang halaga para sa paggamit, maaaring singilin ang halaga nang pana-panahon.
- Ang mga mobile phone at iba pang uri ng communication device ay maaaring magsagawa ng awtomatikong koneksyon (kabilang ang mga required na update para sa security at iba pa) na hindi kontrolado ng mamimili. Maaaring mayroong babayaran para sa awtomatikong koneksyon depende sa kalagayan ng paggamit at payment plan.

### Magagamit at Nagamit na Data Volume sa Buwan ng Pagpapalit ng Modelo

- Kapag nagpalit ng handset papunta sa 4G LTE mobile phone at ang pagbabago sa payment plan ay nailapat sa parehong araw, ang bayad para sa data sa araw ng pagpapalit ng handset ay kakalkulahin batay sa Flat-rate Data service matapos ang pagpapalit ng handset. Gayundin, pagkatapos magpalit ng handset, kapag gumagamit ng payment plan kung saan tumataas ang babayaran depende sa ginagamit na volume ng data, maaaring maabot agad ang maximum na halaga dahil sa nagamit na volume ng data bago magpalit ng handset.
- Kapag isasagawa ang aplikasyon sa pagpapalit ng Flat-rate Data Service kasabay ng pagpapalit ng handset sa pagitan ng mga handset na saklaw ng 5G / 4G LTE (kasama ang au VoLTE), ang detalye ng pagpapalit ay nasa ibaba.

〈au〉

| Bagay | Detalye |
|---|---|
| Araw ng Pagpapalit | Mismong araw ng pagpapalit |
| Flat Rate Data | Bayad kada araw sa flat rate data bago magpalit + Bayad kada araw sa flat rate data matapos magpalit |
| Alokasyon ng data sa kasulukuyang buwan | • Alokasyon ng data sa kasalukuyang buwan : Pagkukumparahin ang Flat Rate Data Service bago at matapos magpalit at gagamitin ang may mas mataas na alokasyon ng data<br>• Ang mga payment plan na may "Value Link", "Unlimited Data" o "Money Activity" sa pangalan tulad ng "au Value Link Plan", "Unlimited Data MAX+ 5G" o "au Money Activity Plan+ 5G" ay ikukumpara sa volume na naka-set sa bawat plan bilang hangganan kapag gumagamit ng koneksyon sa tethering o Data Share, at sa 1GB para sa "Smartphone Mini Plan+ 5G/4G" |
| Nagamit na data volume sa kasalukuyang buwan | Nagamit na data volume sa Flat-rate Data Service bago magpalit + nagamit na data volume sa Flat-rate Data Service pagkatapos magpalit |

〈UQ mobile〉

| Bagay | Detalye |
|---|---|
| Araw ng Pagpapalit | Mismong araw ng pagpapalit |
| Basic charge | Bayad kada araw sa flat rate data bago magpalit + Bayad kada araw sa flat rate data matapos magpalit |
| Alokasyon ng data sa kasulukuyang buwan | Alokasyon ng payment plan na may mas mataas na alokasyon ng data matapos paghambingin bago at matapos ang pagpapalit |
| Nagamit na data volume sa kasalukuyang buwan | Kabuuan ng Nagamit na volume ng data bago magpalit + Nagamit na volume ng data matapos magpalit |

## 2. Iba't Ibang Serbisyo

### Serbisyo ng Pagkonekta sa Internet

- Kapag gagamit ng sariling internet ang au mobile phone, kailangan ng alinman sa serbisyo ng 5G NET, LTE NET, 5G NET for DATA, LTE NET for DATA (pareho rin kapag gagamitin sa labas ng bansa).
- Kailangang kunin ang serbisyong ito kung gagamit ng UQ mobile (katulad rin kung gagamitin sa ibang bansa).
- Sa pag-aaplay sa serbisyo ng pagkokonekta sa internet, ang pag-apruba ng mamimiling tumanggap ng "Hot Info" (serbisyo na tumanggap ng mga impormasyon ng anunsiyo) ay kasama dito (maaaring kanselahin ng mamimili). Maaaring hindi makatanggap ng Hot Info depende sa gamit na handset.
- Sa pag-aaplay para sa content service na "au Book Pass" o "au PAY Market", magiging kabilang dito ang pahintulot ng pagtanggap ng e-mail (kabilang ang mga anunsyo) na nagbibigay-abiso ng sinalihang serbisyo (maaaring kanselahin ng mamimili).

### SMS

- Ang pagpapadala ng SMS sa loob ng bansa ay ¥3.3 kasama ang buwis/mensahe※. Walang bayad ang pagtanggap.
  ※Kapag 70 malalaking karakter. Maaaring magpadala ng hanggang 670 na malalaking karakter depende sa modelo. May bayad na pang 2 mensahe ang unang 134 na karakter at pang 1 mensahe ang mga sumusunod na kada 67 na karakter. Sa kaso ng au, mayroong plan na libre ang pagpapadala sa mobile phone ng au.

### RCS

- Walang babayaran sa buwanang paggamit.
  ※Magkakaroon ng hiwalay na babayaran para sa komunikasyon ng data kapag walang Wi-Fi o kaya ay walang kinuhang flat-rate data plan.
- Hihingin ang inyong pagsang-ayon sa "Mga Termino ng Paggamit ng RCS" at sa "Tungkol sa Pakikipagpalitan sa Ikatlong Partido ng Impormasyon ng Mamimili sa Paggamit ng RCS".
  Maaaring kumpirmahin ang〈Mga Termino ng Paggamit ng RCS〉sa website sa ibaba.
  https://www.kddi.com/extlib/files/corporate/kddi/kokai/keiyaku_yakkan/pdf/rcs.pdf

### au Mail (para lamang sa au)

- May limit ang au Mail Server sa bilang o laki ng e-mail na maaaring ilagay. Kapag lumampas sa limit, awtomatikong mabubura ang mga e-mail mula sa pinakaluma.
- Kapag isinagawa ang mga saklaw na proseso, mabubura ang mga nakalagay sa au Mail Server tulad ng "e-mail" at "memo"※. Ang mga naburang data ay hindi na maibabalik. ※para lamang sa iPhone/iPad
  【Mga Saklaw na Proseso】
  • Pagkansela sa 5G NET, LTE NET
  • Pagpapalit ng numero, Paglipat ng Telepono (Maliban sa loob ng pamilya)
  • MNP sa pagitan ng KDDI at Okinawa Cellular Telephone Company
  • Pagpapatigil pansamantala at muling paggamit ng telepono
- Kapag nakakatanggap ng mensahe na kabilang sa mga notification e-mail o campaign e-mail na ipinapadala ng kumpanya, awtomatikong mabubura ang mga ito mula sa server matapos ang natakdang panahon. Mangyaring tingnan ang au website para sa mga saklaw na e-mail at detalye o pagbabago ng setting ng function na ito.

## Data Charge / Data Gift (para lamang sa au)

- Sa pagkuha ng Data Charge, ang mga mamimiling may kontrata ng saklaw na price plan o Flat-rate Data Service ay maaaring ibahagi ang dami ng data na nakakontrata sa ibang miyembro ng pamilya, o tanggapin mula sa kanila, na kapuwa nakatali para sa "Family Discount Plus", "au Smart Value" o "Magkasamang Pagsingil ng KDDI / Konsolidadong Pagsingil" sa pamamagitan ng serbisyo ng "Data Gift". Kasabay ng pagbabahagi ng dami ng data, ipapakita sa mamimiling nagpapadala ang pangalan at numero ng mamimiling tumatanggap.

## au : au Smart Value / UQ mobile : Home Set Discount

- Kapag hindi puwedeng gamitin ang serbisyo ng komunikasyon sa landline dahil ang bahay ng mamimili ay nasa labas ng lugar na sineserbisyuhan, atbp., magagamit ang serbisyong ito kasama ng paggamit ng itinalagang Wi-Fi router. Gayunman, para dito, sasang-ayunan muna ng mamimili na makipagkontrata sa serbisyo ng komunikasyon sa landline kapag nagagamit na sa hinaharap ang serbisyong ito sa bahay. Kung hindi makikipagkontrata sa serbisyo ng komunikasyon sa landline, tatapusin ang diskuwento kasabay ng serbisyong ito.
- Kapag nakakontrata ang mamimili sa au Smart Value (diskuwento sa router) o kaya ay sa Home Set Discount Internet Course, at hindi nabuksan ang serbisyo ng komunikasyon sa landline para dito, at ikinansela iyon, at ang dahilan nito ay nasa kompanyang naglalaan ng serbisyo, babaguhin ang halaga ng diskuwento mula sa pang-apat na buwan sa susunod na buwan ng buwan kung kailan ikinansela. Mangyaring tingnan ang mga pagbabago sa website ng au o UQ mobile, atbp.
- Sa au Smart Value ay hanggang 10 linya lamang (Hanggang 9 na linya lamang kapag saklaw ng router service tulad ng au Home Router 5G, au Smart Port, atbp. Pagkatapos nito ay pareho.) ng au mobile phone, atbp. sa bawa't linya ng nakakontratang serbisyo ng komunikasyon sa landline.
- Sa Home Set Discount Internet Course ay hanggang 10 linya lamang (Hanggang 9 na linya lamang kapag ang saklaw na serbisyo ay saklaw ng router service tulad ng au Home Router 5G, au Smart Port, atbp. Pagkatapos nito ay pareho.) ng UQ mobile sa bawa't linya ng nakakontratang saklaw na home service.
- Kapag maglilipat ng numero mula sa linya ng au (tatawaging "saklaw na linya" sa ibaba) na may bisa ang Family Discount Plus/U12 Family Discount/au Smart Value o kaya ay naging saklaw ng Family Discount Plus/U12 Family Discount/au Smart Value (hindi kabilang ang itinigil na Family Discount Plus/au Smart Value Group) sa nakaraan, awtomatikong maililipat sa Home Set Discount/Family Set Discount Group sa panahon ng pagsali sa UQ mobile. Kapag napunan ang kinakailangan para sa Home Set Discount, awtomatikong ilalapat ang discount. Sa pagkakataong ito, ituturing na iisang grupo ang Family Discount Plus/ au Smart Value Group ng linya at ang Home Set Discount/Family Set Discount Group. Ang pinakamataas na bilang ng linya na maaaring isama sa iisang grupo ay hanggang 10 linya ng au at UQ mobile.
- Kapag maglilipat ng numero mula sa linya ng UQ mobile (tatawaging "saklaw na linya" sa ibaba) na may bisa ang Home Set Discount/Family Set Discount o di kaya ay naging saklaw ng Home Set Discount/Family Set Discount (hindi kabilang ang inalis na Home Set Discount/Family Set Discount Group) sa nakaraan, awtomatikong maililipat sa Family Discount Plus/au Smart Value Group sa panahon ng pagsali sa au maliban sa ilang pagkakataon. Kapag napunan ang kinakailangan para sa Family Discount Plus/U12 Family Discount/au Smart Value, awtomatikong ilalapat ang discount. Sa pagkakataong ito, ituturing na iisang grupo ang Home Set Discount/ Family Set Discount Group ng linya at ang Family Discount Plus/ au Smart Value Group. Ang pinakamataas na bilang ng linya na maaaring isama sa iisang grupo ay hanggang 10 linya ng au at UQ mobile.
- Kapag awtomatikong nailipat, makikita ang mga aytem na "Iba't Ibang Set Discount" sa "Nilalaman ng Kontrata (Papel ng Kontrata)" (makikita sa "My au" o sa "My UQ mobile" ang "Nilalaman ng Kontrata (Papel ng Kontrata)"). Hindi saklaw ng awtomatikong paglilipat kapag hindi ito nakikita. Kailangan ng ibang aplikasyon kung nais sumali sa Family Discount Plus/U12 Family Discount/au Smart Value/Home Set Discount/Family Set Discount. Mangyaring magtanong sa pinakamalapit na tindahan para sa mga detalye.
- Kapag magkaiba ang nakikipagkontratang panig sa serbisyo ng komunikasyon sa landline o Wi-Fi router at ang nakikipagkontrata sa serbisyo sa komunikasyon ng au/UQ mobile, ang paghawak ng impormasyon ng mamimili at iba pang kailangang pagsang-ayon ay kailangang kunin mula sa nakikipagkontrata ng serbisyo ng landline o Wi-Fi router bago mag-aplay para sa au Smart Value/Home Set Discount o paglilipat ng numero.

**【Tungkol sa Paghawak ng Impormasyon ng Mamimili na may Kinalaman sa Paghahatid ng au Smart Value / Home Set Discount Internet Course】**

- Base sa kasunduan sa mga kumpanya ng komunikasyon sa landline (Tumutukoy sa mga kumpanya ng komunikasyon na naghahatid ng serbisyo ng komunikasyon sa landline para sa au Smart Value o kaya ay sa Home Set Discount Internet Course, o mga naghahatid ng Transfer Communication Service. Kapareho sa sumusunod.) na kinokontrata ng mamimili, ang kumpanya (Okinawa Cellular Telephone Company sa ibaba) ay pinagkakatiwalaang kumuha ng pagsang-ayon ng mamimili tungkol sa sumusunod na bagay na may kinalaman sa paraan ng paggamit ng personal na impormasyon ng mamimili. Pakisuyong tiyakin ang puntong ito kasama ng sumusunod na bagay.

※Upang maipaliwanag at maihatid ang au Smart Value / Home Set Discount Internet Course, magkasamang maglalaan at gagamit ang KDDI at ang mga kumpanya ng komunikasyon sa landline ng impormasyon tungkol sa mamimili na nakuha base sa kontrata sa mamimili, sa pamamagitan ng sistema ng impormasyon (kasama rin ang komunikasyon sa telepono) sa pagitan ng kumpanya at ng mga kumpanya ng komunikasyon sa landline.
※Ang impormasyon tungkol sa mamimili na magkasamang ilalaan at gagamitin ay pangalan, tirahan, numero ng telepono para sa pagkokontak, araw ng kapanganakan ng mamimili, at mga impormasyong may kinalaman sa aplikasyon at kalagayan ng kontrata tulad ng detalye ng mga serbisyo ng internet, telepono at TV na inaplay o ginagamit ng mamimili, araw ng pag-aaplay, pagsisimula ng serbisyo, at ng pagkansela ng mga iyon.
※Base sa kontratang may kinalaman sa pagpoprotekta ng personal na impormasyon na ginawa sa pagitan ng dalawang panig, iingatang mahigpit ng kumpanya at mga kumpanya na naghahatid ng komunikasyon ang personal na impormasyon ng mamimili, at gagawin ang kinakailangang hakbang para sa pag-iingat sa seguridad nito.
※Kung tungkol sa pagsisiwalat na may kinalaman sa personal na impormasyon, paghingi tulad sa pagtutuwid, paghinto sa paggamit, iba pang mga tanong, at mga opinyon, atbp, pakisuyong makipag-ugnayan sa opisinang itinalaga ng kompanya ng komunikasyon sa landline na kinokontrata ng mamimili. Puwede ring makipag-ugnayan sa opisina ng KDDI para sa pagtatanong at paghingi ng pagpapaliwanag.

## Tawag na Hindi Saklaw ng Unlimited Call Plan / Libreng Tawag ng Opsyon

- Sa ilalim ng mga plan at opsyon na unlimited calls o flat sa loob ng bansa, hindi saklaw ng libreng tawag ang mga tawag sa telepono na itinalagang may bayad ng ibang kumpanya na nagsisimula sa 0570 (navidial), gabay sa numero (104), admin 1XY service (188), # Dial (quick dial), pagpapadala ng SMS, pagtawag sa satellite, at pagtawag sa hiwalay na numerong itinalaga ng kumpanya. Hindi rin saklaw ang internasyonal na tawag at pagtawag habang nasa ibang bansa.
- Ang pagtawag sa ilan sa mga itinalagang kumpanya ng komunikasyon o ang higit pa sa 744 na oras ng pagtawag kada buwan ay maaaring magkaroon ng bayad
- Ang mga tawag sa loob ng bansa na hindi saklaw ng libreng tawag ay sisingilin ng ¥22 kasama ang buwis kada 30 segundo maliban sa mga itinakda ng ibang kumpanya (Mangyaring tingnan ang website ng kumpanya para sa pagtawag sa satellite).
  https://www.kddi.com/phone/variouscallcharges/
  ※Mangyaring tingnan ang website ng au/UQ mobile para sa karagdagang detalye.
  〈au〉
  https://www.au.com/support/faq/view.k147928138/
  〈UQ mobile〉
  https://www.uqwimax.jp/r/01746

## au ID

- Kung pag-iisahin ang au ID, hindi magagamit ang mga serbisyong ginagamit sa bawa't au ID bago ang pag-iisa. At sa kasong ito, awtomatikong matatapos ang mga tuloy-tuloy na serbisyong binabayaran sa au PAY card o sa pinagsama-samang bayad sa komunikasyon sa pamamagitan ng au PAY (au Simple Payment Service).
- Kapag ang isang au ID ay nakarehistro para sa mga linya ng au/UQ mobile (o pinag-iisa sa isang au ID), mababago ang impormasyon ng lahat ng linya sa panahon ng pagbabago ng impormasyon ng kontrata (pangalan, tirahan sa panahon ng pagkokontrata, at personal identification number).

## au PAY (au Simple Payment Service) / Carrier Payment

- Ang au PAY (au Simple Payment Service) ay isang Carrier Service kung saan maaaring kahaliling magbayad para sa shopping o biniling contents sa smartphone o PC gamit ang au ID (Apple Account / Google Account) (https://kantan.auone.jp/service/). Maaari itong gamitin sa default condition nito sa panahon ng pagkuha ng kontrata.
- Kailangang sumang-ayon sa polisiya para sa mga miyembro ng au PAY (au Simple Payment Service) sa paggamit (https://kantan-detail.auone.jp/payment/terms.html). Ang pinakabagong bersyon at panahon na may bisa ng kasunduang ito ay ilalagay sa website na nasa itaas at magkakaroon ng bisa sa nakasaad na panahon.
- Kailangan ang beripikasyon ng passcode kapag gagamit. Ang default na password ay ang 4 na numerong isinulat sa kontrata sa panahon ng pagkuha ng bagong linya. Kahit na ang pamilya ng bata o ikatlong partido ang nagkumpirma, ituturing na ang may kontrata ang gumawa nito at ang bayad ay sisingilin sa may kontrata. Ingatan ang passcode at huwag hayaang malaman ng ibang tao maliban sa may kontrata.
- Kung nais lagyan ng limitasyon ang au PAY (au Simple Payment Service), palitan ang setting ng limitasyon ng paggamit at halaga (https://kantan-detail.auone.jp/payment/limitchange/credit_set.html).

- Para maiwasan ang hindi awtorisadong pagbabayad sa ikatlong partido, magsasagawa ng ikalawang lebel ng kumpirmasyon. Kapag natanggap ang ikalawang lebel ng kumpirmasyon, mag-ingat na huwag payagan o huwag i-access ang nakasulat na URL kapag hindi natatandaan ang pag-login o ang pagbili. Sa 2 level ng kumpirmasyon ay magpapadala ang kumpanya ng SMS o e-mail na gagamitin ng mamimili para sa kumpirmasyon sa unang beses na paggamit o kapag maglo-login gamit ang ibang handset na hindi nakakontrata.
- Maaaring hindi magamit ang balance charge sa au PAY o pagpapataas ng maximum na halaga nito kasunod ng pagpapalit ng ginagamit na payment plan o brand.

### Ponta Pass / Ponta Pass Light

- Kapag itinigil ang "Ponta Pass" o "Ponta Pass Light", ang lahat ng mga data na naka-save sa "Data Storage Server" ay awtomatikong mabubura. Kung ang bayad sa paggamit ng serbisyong ito ay kasama sa kabuuang bayad para sa data ng au PAY (au Simple Payment Service), at binabayaran ito gamit ang credit card o bank transfer, hindi awtomatiko ang kanselasyon matapos kanselahin ang au internet service kapag naka-On ang continued billing setting. Kung nais ipakansela, mangyaring isagawa ang operasyon sa service site at iba pa.

### au Ponta Point Program

- Ang au Ponta Point Program ay inihahatid alinsunod sa "au Ponta Point Program Usage Agreement". https://www.au.com/support/point/regulation-point/
- Itinuturing na sumang-ayon ang mamimili sa "au Ponta Point Program Usage Agreement" sa oras na pumirma sa kontrata ng serbisyo ng komunikasyon ng au o kaya ay ng UQ mobile sa pagitan ng mamimili at ng KDDI Corp/Okinawa Cellular Telephone Company.
- Ang paghawak sa impormasyon ng mamimili ng KDDI Corp/Okinawa Cellular Telephone Company na nakuha sa pamamagitan ng paghahatid ng au Ponta Point Program ay alinsunod sa "Privacy Policy" ng bawa't kumpanya.
  〈KDDI Privacy Policy〉
  https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/privacy/
  〈Okinawa Cellular Telephone Privacy Policy〉
  https://okinawa-cellular.jp/corporate/disclosure/privacypolicy/

### au Wi-Fi SPOT (para lamang sa au)

- Ang pagpirma ng mamimili sa kontrata ng serbisyo ng komunikasyon ng au na ginawa sa pagitan ng mamimili at ng KDDI Corporation/Okinawa Cellular Telephone Company ay itinuturing na sumang-ayon sa "au Wi-Fi SPOT User Policy" (https://www.au.com/mobile/service/wifi/wifi-spot/regulation/) ng Wire and Wireless Co., Ltd. Ang Wire and Wireless Co., Ltd. ay magbibigay ng libreng "au Wi-Fi SPOT" para sa mamimili na sakop ng serbisyong ito, alinsunod sa itinakdang patakaran.
- Maaaring may bayaran kapag gagamit ng "au Wi-Fi SPOT" depende sa kontrata ng price plan. Mangyaring tingnan ang au website para sa detalye ng bayad sa "au Wi-Fi SPOT."

### SIM Unlock

- Maaaring magkaiba ang mga kondisyon depende sa paggamit at ginagamit na mobile phone kapag isasagawa ang SIM Unlock.
- Mangyaring tingnan ang website ng au/UQ mobile para sa mga detalye tungkol sa SIM Unlock.
  〈au〉
  https://www.au.com/support/service/mobile/procedure/simcard/unlock/
  〈UQ mobile〉
  https://www.uqwimax.jp/mobile/support/procedure/simcard/unlock/

au UQ mobile

## 3. Paggamit, Pagtawag at Pagpapadala sa Labas ng Bansa

※Hindi papatawan ng kaukulang buwis ang halagang magagamit sa bawat internasyonal na serbisyo.

### Paggamit sa Ibang Bansa

- Ang bayad para sa tawag, pagpapadala ng SMS, o paggamit ng data ay hindi kapareho ng paggamit sa loob ng bansa. Maaaring kumpirmahin sa website sa ibaba ang tungkol sa bayad para sa tawag, pagpapadala ng SMS, o paggamit ng data sa labas bansa. Mangyaring mag-ingat dahil mayroon ding babayaran kapag tumanggap ng tawag habang ginagamit sa ibang bansa.
  〈au/UQ mobile〉
  https://www.au.com/mobile/service/global/au-world-service/area-charge/
- Maaaring hindi magamit sa labas ng bansa depende sa ginagamit na handset. Gayundin, nagbabago ang bansa, lugar, o internet service na maaaring magamit depende sa modelo.
  ※Mangyaring tingnan ang website ng kumpanya para sa detalye ng paggamit sa labas ng bansa.
  https://www.au.com/mobile/service/global/au-world-service/
- Mayroong mga serbisyo na hindi magagamit sa labas ng bansa kahit na nagagamit sa loob ng bansa.
- Data Communication
  Maaaring gamitin ang au Unlimited Data Overseas, o ang Kaigai Double-Teigaku (may hiwalay na bayad).
  - Kapag kukuha ng au Unlimited Data Overseas Opt-Out Option, hindi magagamit ang au Unlimited Data Overseas, at ilalapat ang Kaigai Double-Teigaku.
  - Dahil ang "Kaigai Double-Teigaku" ay awtomatikong kokonekta sa partner na kumpanya sa ibang bansa, mangyaring ilagay sa OFF ang setting ng data roaming ng handset upang maiwasan ang hindi inaasahang charge (hanggang ¥2,980/araw). Mangyaring kumpirmahin ang paraan ng setting sa website ng kumpanya bago maglakbay.
  - Maaaring limitahan ang bilis ng koneksyon sa au Unlimited Data Overseas kapag mayroong mataas na paggamit ng data volume sa loob ng nakatakdang panahon (bawa't 24 na oras).

  Mangyaring tingan ang website ng kumpanya para sa mga detalye.
  〈au〉
  Kapag hindi kumuha ng Data Charge, hindi magagamit ang au Unlimited Data Overseas at ilalapat ang Kaigai Double Teigaku.
  https://www.au.com/mobile/service/global/au-world-service/kaigai-hodai/
  〈UQ mobile〉
  https://www.uqwimax.jp/mobile/plan/option/global/

### Pagtawag at Pagpapadala ng SMS sa Ibang Bansa

- Ang pagtawag o pagpapadala ng SMS sa ibang bansa ay hindi kapareho ng pagtawag o pagpapadala ng SMS sa loob ng bansa. Maaaring kumpirmahin sa website sa ibaba ang tungkol sa bayad para sa pagtawag o pagpapadala ng SMS sa ibang bansa.
  〈au/UQ mobile〉
  Bayad sa Pagtawag
  https://www.au.com/mobile/service/global/call/charge/
  Bayad sa Pagpapadala ng SMS
  https://www.au.com/mobile/service/global/sms/

  Bayad sa Pagtawag Bayad sa Pagpapadala ng SMS

- Itatakda ng KDDI ang hangganan sa halaga ng paggamit (¥30,000) kada buwan. Kapag natiyak na nakalampas sa hangganan ang babayran para sa paggamit ng mamimili, ititigil ng KDDI ang serbisyo. Bukod pa dito, maaaring ipahinto ang paggamit ng serbisyo hanggang sa matiyak na nabayaran na ang nabanggit na halaga para sa pagtawag.

### Pagtingin ng Bilang ng Tawag ng au Flat Rate para sa Internasyonal na Tawag

- Kapag humihingi ang nakikipagkontrata ng au Flat Rate sa Internasyonal na Pagtawag na tiyakin ang ulit ng pagtawag na saklaw sa buwanang flat-rate, isisiwalat ng KDDI ang ulit ng pagtawag kapag natiyak lamang na iyon ay ginagawa ng nakikipagkontrata mismo.

## 4. Pagkasira/Pagpapaayos

※Mangyaring kumpirmahin sa instruction manual ang detalye.

### Paalala sa Charging at Battery

- Gumamit lamang ng mga battery (bulit-in), charger, at opsyonal na aksesorya na itinakda ng kumpanya. Maaaring magdulot ng pagkasira, sunog, paso, sugat o pagkakuryente ang paggamit ng hindi itinakdang mga aksesorya.
- Ang battery (built-in) ay consumable. Kung ang battery ay hindi napupuno at umiikli ang oras na nagagamit ito kahit i-charge, nalalapit nang matapos ang life span nito kaya kumonsulta sa lalong madaling panahon. Kung ang battery ay built-in, may babayaran para sa pagpapaayos matapos ang pagtanggap. Dagdag pa dito, maaaring may panahon na hindi ito magagamit. Hinihingi ang inyong pang-unawa. Ang life span ay nakadepende sa paraan ng paggamit, atbp. Mangyaring tingnan ang website para sa karagdagang detalye.
  〈au〉
  https://www.au.com/support/faq/detail/31/a00000000231/
  〈UQ mobile〉
  https://www.uqwimax.jp/mobile/support/faq/pages/000004440/

au UQ mobile

## Serbisyong Garantiya

- Iniimbak nang 4 na taon ang mga piyesa para sa pagkukumpuni ng mobile phone ng au/UQ mobile at ng mga aksesorya matapos ang paggawa. Pagkalampas sa panahon ng pag-iimbak ng mga piyesa para sa pagkukumpuni, hindi na matatanggap ang pagkukumpuni. Kahit sa loob ng panahong iyon, maaaring hindi rin matatanggap ang pagkukumpuni dahil sa kawalan ng mga piyesa para sa pagkukumpuni.
- Hindi matatanggap ang ilan lamang na pagkukumpuni kung may iba pa ring kailangang ayusin. Sa kasong ito, ikukumpuni ang lahat at ibabalik iyon sa mamimili, dahil hindi maigagarantiya ang kalidad ng produkto kung sa pagkukumpuni sa ilang bahagi lamang (maaaring sisingilin ang bayad depende sa uri ng pagkukumpuni).
- Kung tungkol sa mga ginawan ng pagbabago (kasama rin ang mga software) at mga ikinumpuni maliban sa dakong inawtorisahan ng KDDI para sa pagkukumpuni, ang mga iyan ay tatanggihang ikumpuni.
- Maaaring mawala o mabago ang mga nakalagay na data o setting dahil sa pagkawala o pagkasira ng au mobile phone.
- Ang panahon ng paggagarantiya ng au/UQ mobile phone at smartphone (bago) ay isang taon mula sa araw ng pagbili nito. Humingi mula sa pinagbilhang tindahan ng anumang patunay (resibo atbp) na nagsasaad kung kailan ito binili at itago itong mabuti.
- Mangyaring kumpirmahin sa instruction manual ang tungkol sa mga probisyon sa libreng pagkukumpuni ng au/UQ mobile phone at smartphone.
- Sa panahon ng pagkukumpuni ng mobile phone, smartphone, tablet, atbp., matatanggap lamang kapag inalis na ng mamimili mismo ang lahat ng data mula doon.
- Sa pagkukumpuni ng Osaifu-Keitai®, kailangan munang mag-alis ng data sa loob ng FeliCa chip o sumang-ayon na alisin ng kompanya o ng ahente ng kompanya ang data sa loob ng FeliCa chip. Ang mamimili mismo ang dapat gumawa ng paglilipat ng data.

## Update ng Software

- Kapag ipinagawa ang telepono, ibabalik ito na gamit ang pinakabagong software.
- Huwag magsasagawa ng hindi nararapat na pagpapalit (operasyon sa sistema ng handset kung saan magagamit ito nang malaya) ng OS (basic software). Ituturing na pagbabago ng pagkakayari ng software kapag ginawa ito at maaaring hindi tanggapin ang pagpapaayos sa sira.

## Repair and Delivery Service / Repair and Delivery Service with Cloud / Repair and Delivery Service Wide with Cloud

- Makakakuha lamang ng serbisyong ito sa panahon ng pagbili ng au/UQ mobile phone at smartphone. Kapag umalis sa pagiging miyembro, hindi makakabalik hanggang sa susunod na pagbili ng au/UQ mobile phone at smartphone.
- Mangyaring tingnan sa website ang "Repair and Delivery Service / Repair and Delivery Service with Cloud / Repair and Delivery Service Wide with Cloud" para sa karagdagang detalye hinggil sa paggamit ng serbisyo at ibang paunawa.

**《Repair and Delivery Service》**
〈au〉
https://www.au.com/mobile/service/kosho-funshitsu/
〈UQ mobile〉
https://www.uqwimax.jp/mobile/plan/option/repair/

au UQ mobile

**《Repair and Delivery Service with Cloud》**
〈au〉
https://www.au.com/mobile/service/kosho-funshitsu-cloud/
〈UQ mobile〉
https://www.uqwimax.jp/mobile/plan/option/repair-cloud/

au UQ mobile

**《Repair and Delivery Service Wide with Cloud》**
〈au〉
https://www.au.com/mobile/service/kosho-funshitsu-wide-cloud/
〈UQ mobile〉
https://www.uqwimax.jp/mobile/plan/option/repair-wide-cloud/

au UQ mobile

## Repair and Delivery Service Wide with AppleCare Services & iCloud+

- Makakakuha lamang ng serbisyong ito sa panahon ng pagbili ng iPhone/iPad. Kapag umalis sa pagiging miyembro, hindi makakabalik hanggang sa susunod na pagbili ng iPhone/iPad.
- Mangyaring tingnan sa website ang "Repair and Delivery Service Wide with AppleCare Services & iCloud+" para sa karagdagang detalye hinggil sa paggamit ng serbisyo at ibang paunawa.

**《iPhone》**
〈au〉
https://www.au.com/iphone/service/warranty-wide-acs-icloud/
〈UQ mobile〉
https://www.uqwimax.jp/mobile/plan/option/repair-wide-acs-icloud/

au UQ mobile

**《iPad》**
〈au〉
https://www.au.com/ipad/service/warranty-wide-acs-icloud/

## Bring-In Repair Support

- Makakakuha lamang ng serbisyong ito sa panahon ng pakikipagkontrata sa au/UQ mobile.
  Hindi ito makukuha kapag bibili ng handset kasabay ng pakikipagkontrata sa au/UQ mobile. Kailangan ng hiwalay na rehistrasyon ng handset sa nakatakdang website. Hindi na maaaring bilhing muli kapag pinahinto na ito.
- Mangyaring tingnan sa website ang "Bring-In Repair Support" para sa karagdagang detalye hinggil sa paggamit ng serbisyo at ibang paunawa.

**《Bring-In Repair Support》**
〈au〉
https://www.au.com/mobile/service/mochikomi-kosho/
〈UQ mobile〉
https://www.uqwimax.jp/mobile/plan/option/mochikomi-kosho/

au UQ mobile

# 5. Security

## Lock Setup ng Handset

- Kapag ginamit ang lock (function para sa paglagay ng PIN, atbp. upang hindi magamit ng ibang tao ang telepono) sa handset, siguraduhin na hindi makakalimutan kung paano ito i-unlock.
- Kapag nakalimutan ang mga numero para mai-unlock ang telepono, kailangang i-reset (factory settings) ang telepono upang muling magamit. Tandaan na kapag ang telepono ay ibinalik sa factory settings, mawawala ang lahat ng data na nakalagay sa telepono katulad ng mga larawan at mensahe.

## PIN (Personal Identification Number)

- Ang PIN ay numero na kailangan para gamitin ang iba't ibang serbisyo ng au/UQ mobile. Ang default na PIN ay ang apat na numero na inilagay ng mamimili sa panahon ng bagong pakikipagkontrata. Kailangan ng mamimili na ingatang mabuti ang kaniyang PIN, dahil ituturing ng KDDI na ang nakikipagkontrata ang gumamit nito kahit ginamit ito ng iba.

## Mga Hakbang Laban sa Spam Mail/Message

- May naka-set na "Awtomatikong Pagkontrol sa Spam Mail" at "Spam SMS Block" sa paggamit ng mamimili ng e-mail (@ezweb.ne.jp / @au.com / @uqmobile.jp) at SMS.

| Pangalan ng Serbisyo | "Awtomatikong Pagkontrol sa Spam Mail" | "Spam SMS Block" |
|---|---|---|
| Layunin ng Serbisyo | Laban sa Spam E-mail | Laban sa Spam SMS |
| Outline ng Serbisyo | Awtomatikong magdedesisyon sa mga e-mail na pinaghihinalaang spam e-mail upang hindi makarating sa mamimili. | Awtomatikong magdedesisyon sa mga SMS na pinaghihinalaang spam SMS upang hindi makarating sa mamimili. |
| Operasyon | • Ang parehong serbisyo ay naka-set na magkabisa sa panahon ng pakikipagkontrata (hindi kailangan ng aplikasyon).<br>• Ang parehong serbisyo ay puwedeng ipahinto kapag inaplay nang hiwalay.<br>※ Kailangan ng magkahiwalay na aplikasyon sa pagpapahinto ng bawa't serbisyo.<br>Awtomatikong Pagkontrol sa Spam Mail :<br>au mail App (Android) / My au (iPhone)<br>Laban sa Spam SMS: My au (App) / My UQ mobile (App) / Customer Support Center | |

| | | |
|---|---|---|
| Mga Pagkakapa-reho | • Gayunpaman, maaaring kontrolin din nito ang mga hindi spam na e-mail o SMS para sa mamimili. (Tatawagin na "spam message" ang mga spam na e-mail at SMS mula sa puntong ito)<br>• Titiyakin nito ang mga katangian ng spam message na uuriin sa sumusunod na kategorya, at hindi nito ipaparating sa mamimili ang mga mensahe na nagkakatugma sa mga katangian ng spam message sa pamamagitan ng paghahambing ng mga iyon sa impormasyon tulad ng paksa at teksto ng detalye na ipinadala sa mamimili.<br>【Kategorya】<br>Pandaraya tulad ng phishing site / Iba pang mga email at SMS na maaaring magdulot ng panganib sa mamimili / Malware (malicious na software na naka-programa para sa mapanlinlang na pagkilos, atbp.) / Droga / Dating Site / Pang-adulto | |
| Iba Pang Mga Paunawa | • Ang impormasyon (petsa at oras ng pagtanggap, email add ng nagpadala, at subject) ng mga e-mail na hindi ipinadala sa ilalim ng "Awtomatikong Pagkontrol sa Spam Mail" ay makukumpirma ng mamimili mismo kung gagamitin ang function na magbibigay-alam ng mga iyon sa e-mail (may bayad) isang beses sa isang araw. | • Ang mga SMS na hindi natanggap dahil sa "Spam SMS Block" ay ididispose at hindi makukumpirma ng mamimili mismo.<br>• Dagdag pa dito, muling magkakaroon ng "Spam SMS Block" kapag nagpalit ng numero anupaman ang nakaraang setting ng "Spam SMS Block". |

## 6. Iba Pa

### au IC Card / SIM Card

- Ang KDDI ang may-ari ng au IC Card / SIM Card.
- Sisingilin ng KDDI ang kaukulang halaga para sa muling paggawa ng au IC Card / SIM Card dahil sa pagkawala, pagkasira, atbp.

### Pagpaparehistro ng Impormasyon ng Gumagamit

- Kapag magkaiba ang nakikipagkontrata at ang gumagamit ng mobile phone ng au/UQ mobile o smartphone, irerehistro ang impormasyon ng gumagamit ayon sa pag-aaplay ng nakikipagkontrata (para lamang sa indibiduwal at tao sa ilalim ng Family Discount). Kung ipapagamit sa menor-de-edad, irerehistro ang gumagamit.
- Ang nakikipagkontrata ay kailangang magpaliwanag sa gumagamit na ang kaniyang pangalan at petsa ng kapanganakan ay irerehistro sa KDDI at gagamitin ang mga impormasyon tulad ng handset na ginagamit at mga komunikasyong ginagawa ng gumagamit atbp., batay sa nakasaad sa dokumento ng kumpanya na Paghawak ng Impormasyon ng Mamimili Kaugnay ng "Sapat na Anonimisasyon", at kailangan ring ipaliwanag ang mga bagay na kailangang bigyan-pansin na may kinalaman sa paggamit ng mobile phone ng au/UQ mobile o smartphone upang kumuha ng kaniyang pagsang-ayon.
- Ang bawat proseso na may kinalaman sa kontrata (pagbabago ng kontrata, pagpili ng opsyon, at iba pa) ay gagawin ng may-ari ng kontrata. Gayunman, kailangan ng paunang pagkuha ng pagsang-ayon ng gumagamit parasa sumusunod na mga bagay kung sa pag-aaplay sa detalyadong rekord ng pagtawag.
  (1) Ipapakita sa detalyadong rekord ng pagtawag ang araw, petsa ng bawa't pagtawag, mga numero ng tinawagan at iba pang mga bagay.
  (2) Ang detalyadong rekord ng pagtawag ay ipapadala kasama ng bayarin sa tirahan na itinalaga ng nakikipagkontrata.
  (3) Ang nakikipagkontrata ay maaaring humingi ng pagbabago ng uri ng detalyadong rekord ng pagtawag at pagputol nito. Kapag binago ang impormasyon ng gumagamit, puputulin ang paggawa ng rekord ng pagtawag.

### Paglimita sa Paggamit

- Pakisuyong isulat sa application form para sa kontrata ang tirahan at numero ng telepono sa landline ng sariling bahay at pinagtatrabahuhan, atbp. Kapag hindi nakakakontak ang KDDI sa mamimili, maaaring ihinto ang serbisyo sa pagtawag. Mangyaring ipaalam kaagad sa kumpanya kung may mga pagbabago.
- Maaaring limitahan ang pagkonekta sa network kung ang mobile phone ng au/UQ mobile o smartphone ay nasa sumusunod na mga kalagayan.
  (1) Mobile phone ng au/UQ mobile o smartphone na sa maling paraan nakuha sa pamamagitan ng krimen tulad ng pagnanakaw (panloloob) sa tindahan, pandaraya, atbp.
  (2) Mobile phone ng au/UQ mobile o smartphone na ang utang para sa halaga (kasama rin ang utang para sa paunang pagbabayad) ay hindi pa binabayaran
  (3) Mobile phone ng au/UQ mobile o smartphone na kinuha sa di-totoong pakikipagkontrata, tulad ng paggawa ng pekeng dokumento na nagpapatunay sa sarili, at ang isinulat sa application form (pangalan, tirahan, kapanganakan, atbp.) ay mga maling impormasyon
  (4) Mobile phone ng au/UQ mobile o smartphone na ginawang imposibleng ikolekta o magamit sa "Serbisyong Pagpapadala ng Kapalit na Telepono"
- Maaaring pansamantalang matigil ang linya kapag naging mataas ang halaga ng paggamit.

### Mobile Phone Improper Use Prevention Act

- Ipinagbabawal na ipasa ang mobile phone, SIM card, atbp. nang walang pahintulot ng kompanya ng mobile phone. Kapag walang pahintulot ng kompanya ng mobile phone, bilang negosyo, kung ipapasa sa iba ang mga iyon nang may bayad (ibenta), hahatulan ng 2 taong pagkakabilanggo o mas maikli, o multa na ¥3,000,000 o mas mababa.
- Pakiusap na huwag magsinungaling sa pakikipagkontrata sa mobile phone, tulad ng pangalan, tirahan, at petsa ng kapanganakan. Ang lalabag sa batas na layuning itago ang mga pagkakakilanlan ng sarili ay hahatulan ng multa na ¥500,000 o mas mababa.

## 7. Paggamit ng Personal na Impormasyon

### Dahilan ng Paggamit ng Personal na Impormasyon

- Nauunawaan ng KDDI ang kahalagahan ng personal na impormasyon ng mamimili (hindi lamang ang mga personal na impormasyon na nakasaad sa batas sa pangangalaga ng impormasyon, ngunit pati na rin ang mga indibidwal na datos), at upang lubusang ingatan iyon, tutuparin ng kompanya ang mga gabay at polisiya sa pangangalaga ng personal na impormasyon na nilikha ng grupong sinalihan ng kumpanya para sa pangangalaga ng personal na impormasyon sa loob at labas ng bansa.
- Maaaring gamitin ng KDDI Corporation ang personal na impormasyon na nakuha sa pamamagitan ng mga negosyo ng telekomunikasyon, pag-aahente ng bangko, pag-aahente ng seguro, at ng pag-aahente ng pinansyal na produkto para sa mga saklaw na layunin ng paggamit na nakasaad din sa Privacy Policy sa website ng kumpanya (https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/privacy/). Bilang halimbawa, kabilang ang mga nasa ibaba sa mga layunin ng paggamit.
  (1) Para sa Negosyo ng Elektrokomunikasyon
    1. Pagbibigay ng iba't ibang uri ng serbisyo ng negosyo ng elektrokomunikasyon (Kabilang ang pagsasagawa ng mga nakasaad sa bawa't kontrata at kontrata ng paggamit atbp.)
    2. Gawaing may kinalaman sa pagkompyut o pagsingil ng bayad sa paggamit, o gawaing may kinalaman sa pagkompyut o pagbibigay ng points
    3. Gawaing may kinalaman sa pagsusuri at pagbibigay ng kontrata
    4. Gawaing may kinalaman sa pag-aasikaso sa mga tanong ng mamimili
    5. Gawaing may kinalaman sa serbisyo pagkatapos ng pagbili
    6. Gawaing may kinalaman sa pagdadagdag at pagbabago ng opsiyonal na serbisyo
    7. Gawaing may kinalaman sa paghinto ng serbisyo
    8. Pagbibigay ng impormasyong may kinalaman sa kasalukuyan at bagong serbisyo, at bagong menu
    9. Gawaing may kinalaman sa pagbibigay ng impormasyon na nakuha sa pag-iimbestiga at pagsusuri ng kondisyon ng serbisyo (kabilang na ang pagbili)
    10. Gawaing may kinalaman sa produkto, serbisyo, okasyon, at kampanya sa layuning itaguyod ang paggamit
    11. Gawaing may kinalaman sa pagbibigay ng pagsusuri
    12. Gawaing may kinalaman sa pagpapadala ng anunsyo
    13. Gawaing may kinalaman sa pagbuo ng bagong serbisyo, pagsusuri at pagpapasulong ng kalidad ng serbisyo
    14. Gawaing may kinalaman sa pagbuo, operasyon, at administrasyon ng pasilidad, kagamitan, at software na may kaugnayan sa paglalaan ng serbisyo
    15. Gawaing may kinalaman sa pag-iimbestiga at pag-aasikaso sa panahon ng problema ng produkto at sistema, at aksidenteng may kaugnayan sa serbisyo
    16. Pagsasagawa ng imbestiga para makaiwas o habang mayroon hindi legal na kontrata o paggamit o hindi pagbabayad.
    17. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa bawa't serbisyo (kasama rin dito ang maliban sa mga serbisyo sa komunikasyon) na inilalaan ng KDDI Corporation, ng mga kompanyang may kaugnayan sa KDDI Corporation, at ng mga konektadong kompanya※
  (2) Negosyo ng pag-aahente ng bangko
    1. Pagpapagitan sa paggawa ng kontrata na ang laman nito ay pagtanggap ng deposito na yen at banyagang pera, at pagpapautang ng pondo, ng konektadong pinansiyal na institusyong※ itinakda ng KDDI Corporation, at mga gawaing may kaugnayan sa mga ito
    2. Pagtiyak sa kuwalipikasyon sa pagbili ng pinansiyal na produkto at serbisyo ng konektadong pinansiyal na institusyong※ itinakda ng KDDI Corporation
    3. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa kasalukuyan at bagong serbisyo, atbp. ng konektadong pinansiyal na institusyong※ itinakda ng KDDI Corporation
    4. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa kampanya, okasyon, atbp. ng konektadong pinansiyal na institusyong※ itinakda ng KDDI Corporation

5. Gawaing may kinalaman sa pag-aasikaso sa mga tanong, atbp ng mamimili na may kaugnayan sa negosyo ng pag-aahente ng bangko
6. Gawaing may kinalaman sa pag-iimbestiga sa pamamagitan ng mga tanong na may kaugnayan sa negosyo ng pag-aahente ng bangko
7. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa bawa't serbisyo na inilalaan ng KDDI Corporation, ng mga kompanyang may kaugnayan sa KDDI Corporation, at ng mga konektadong kompanya※

(3) Negosyo ng pag-aahente ng seguro
1. Pag-aahente at pagpapagitan sa paggawa ng kontratang may kaugnayan sa pag-aalok ng seguro, atbp. ng konektadong kompanya ng seguro※ na itinakda ng KDDI Corporation, at mga gawaing may kaugnayan sa mga ito
2. Pagtiyak sa kuwalipikasyon sa pagbili ng produkto at serbisyo ng seguro ng konektadong kompanya ng seguro※ na itinakda ng KDDI Corporation
3. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa kasalukuyan at bagong serbisyo, atbp. Ng konektadong kompanya ng seguro※ na itinakda ng KDDI Corporation
4. Paglalaan ng konektadong kompanya ng seguro※ na itinakda ng KDDI Corporation
5. Gawaing may kinalaman sa pag-aasikaso sa mga tanong, atbp. ng mamimili na may kaugnayan sa negosyo ng pag-aahente ng seguro
6. Gawaing may kinalaman sa pag-iimbestiga sa pamamagitan ng mga tanong na may kaugnayan sa negosyo ng pag-aahente ng seguro
7. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa bawa't serbisyo na inilalaan ng KDDI Corporation, ng mga kompanyang may kaugnayan sa KDDI Corporation, at ng mga konektadong kompanya※

(4) Negosyo ng Pag-aahente ng Pinansyal na Produkto
1. Pag-aahente at pagpapagitan sa pagbebenta ng hinahawakang securities, pangangasiwa dito, at pagbubukas ng bagong accounts ng konektadong kompanya ng pinansyal na produkto※ na itinakda ng KDDI Corporation
2. Pagtiyak sa kuwalipikasyon sa pagbili ng pinansyal na produkto at serbisyo ng konektadong kompanya ng pinansyal na produkto※ na itinakda ng KDDI Corporation
3. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa kasalukuyan at bagong serbisyo, atbp. ng konektadong kompanya ng pinansyal na produkto※ na itinakda ng KDDI Corporation
4. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa kampanya, okasyon, atbp. ng konektadong kompanya ng pinasyal na produkto※ na itinakda ng KDDI Corporation
5. Gawaing may kinalaman sa pag-aasikaso sa mga tanong, atbp ng mamimili na may kaugnayan sa negosyo ng pag-aahente ng pinansyal na produkto
6. Gawaing may kinalaman sa pag-iimbestiga sa pamamagitan ng mga tanong na may kaugnayan sa negosyo ng pag-aahente ng pinansyal na produkto
7. Paglalaan ng impormasyong may kinalaman sa bawa't serbisyo na inilalaan ng KDDI Corporation, ng mga kompanyang may kaugnayan dito at ng mga konektadong kompanya

※Tungkol sa konektadong pinansiyal na institusyon, konektadong kumpanya ng seguro, mga kaugnay na kumpanya, at mga konektadong kumpanya, mangyaring tingnan sa website ng kumpanya ang Privacy Policy annex 5 (https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/privacy/annex5/).

■ Gagamitin ng kumpanya ang mga personal na impormasyon na matatanggap mula sa ikatlong Partido upang makamit ang mga dahilan ng paggamit na nakalahad sa Privacy Policy sa pamamagitan ng pagtutugma, pagkokonekta at pagdadagdag ng impormasyon na hawak nito. Kabilang sa mga personal na impormasyon ang mga cookie na hindi makakapagtukoy sa mamimili para sa ikatlong Partido na nagbibigay, mga ID ng mga ads tulad ng IP address, lokasyon, browsing history at mga ads browsing history ng kumpanya at mga ikatlong partido, iba pang gawi sa internet, impormasyon na kaugnay ng paggamit ng aplikasyon ng kumpanya at mga ikatlong partido, mga sagot sa survey, mga kategorya ng interes at mga hilig (kabilang ang kasarian, edad, pamilya, trabaho, tirahan) at iba pang mga impormasyon ng mamimili.

■ Ang paggamit ng personal na impormasyong may kinalaman sa Kontrata sa Ikatlong Partido Para sa Bawa't Produktong Bibilhin sa Utang ay ayon sa Mga Kundisyon sa Paggamit ng Personal na Impormasyong May Kinalaman sa Transaksiyon sa Pag-utang Tulad ng Kontrata sa Ikatlong Partido Para sa Bawa't Produktong Bibilhin sa Utang.

■ Maaaring ipagkatiwala ng KDDI sa mga cloud service ng ibang kumpanya na nasa ibang bansa ang operasyon na may kinalaman sa pagpapanatili ng espesipikong impormasyon alinsunod sa Telecommunications Business Act, at paghahawak ng espesipikong impormasyon ng gumagamit para sa mga kumpanyang nasa ibang bansa. Mangyaring tingnan sa website ng kumpanya ang Privacy Policy annex 7-2 para sa karagdagang detalye (https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/privacy/annex7/#7-2).

■ Mangyaring tingnan sa Privacy Policy sa website ng kumpanya ang iba pang mga detalye at pinakabagong bersyon (https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/privacy/).

## Paggamit ng Personal na Impormasyon sa Negosyo ng Pag-aahente ng Bangko

■ Ang KDDI Corporation ay maaaring gumamit ng impormasyon ng mamimili na may kinalaman sa transaksiyon sa bangko na ginagamit sa negosyo ng pag-aahente ng bangko (impormasyon ng mamimili na may kinalaman sa deposito, transaksyon ng palitan, at pag-utang ng pondo, at iba pang impormasyong may kinalaman sa pinansiyal na transaksyon, ari-arian, atbp. ng mamimili) para sa mga gawaing nakalagay sa [Layunin sa Paggamit ng Personal na Impormasyon] (kasama rito ang mga gawaing may kinalaman sa pag-aalok ng seguro at pinansyal na produkto sa pamamagitan ng pakikipag-usap, sulat, tawag, internet, atbp.).

■ Ang KDDI Corporation ay maaaring gumamit ng impormasyon ng mamimili para sa negosyo ng pag-aahente ng bangko kahit na iyon ay kinuha para sa mga gawain maliban sa pag-aahente ng bangko, atbp. na tulad ng negosyo ng telekomunikasyon, pag-aahente ng seguro at pag-aahente ng pinansyal na produkto.

■ Maaaring gamitin ng kompanyang ito ang impormasyon ng mamimili na nakuha sa pag-aalok ng seguro o pag-aahente ng pinansyal na produkto (tulad ng mga impormasyong may kinalaman sa pamumuhay o ari-arian ng mamimili na idineklara ng mamimili na maaaring gamitin para sa pagkuha ng seguro o pinansyal na produkto sa pamamagitan ng ahente) para sa pag-aahente ng bangko atbp.

## Paggamit ng Personal na Impormasyon sa Negosyo ng Pag-aahente ng Pinansyal na Produkto

■ Ang KDDI Corporation ay maaaring gumamit ng impormasyon ng mamimili na may kinalaman sa transaksiyon ng pinansyal na produkto na ginagamit sa negosyo ng pag-aahente ng pinansyal na produkto (impormasyon ng mamimili na may kinalaman sa pinansiyal na transaksyon, ari-arian, atbp.) para sa mga gawaing nakalagay sa [Layunin sa Paggamit ng Personal na Impormasyon] (kasama rito ang mga gawaing may kinalaman sa pag-aalok ng seguro sa pamamagitan ng pakikipag-usap, sulat, tawag, internet, atbp.).

■ Ang KDDI Corporation ay maaaring gumamit ng impormasyon ng mamimili para sa negosyo ng pag-aahente ng pinansyal na produkto kahit na iyon ay kinuha para sa mga gawain maliban sa pag-aahente ng pinasyal na produkto tulad ng negosyo ng telekomunikasyon at pag-aahente ng seguro.

■ Maaaring gamitin ng kompanyang ito ang impormasyon ng mamimili na nakuha sa pag-aalok ng seguro (tulad ng mga impormasyong may kinalaman sa pamumuhay o ari-arian ng mamimili na dineklara ng mamimili na maaaring gamitin para sa pagkuha ng pinansyal na produkto sa pamamagitan ng ahente) para sa pag-aahente ng pinansyal na produkto atbp.

## Paghawak ng Impormasyon ng Mamimili Kaugnay ng "Sapat na Anonimisasyon"

■ Alinsunod sa mga Alituntunin na may Kinalaman sa "Sapat na Anonimisasyon" sa Negosyo ng Telekomunikasyon na binuo ng 5 grupong may kaugnayan sa negosyo ng telekomunikasyon kabilang ang sinalihang grupo ng kumpanya para sa pangangalaga ng personal impormasyon (Japan Data Communication Foundation), gagamitin ang impormasyon ng mamimili para sa ikagaganda ng serbisyo habang binabawasan ang panganib ng pagkakakilanlan ng komunikasyon at ng indibidwal gamit ang pagpoproseso ng impormasyon ng mamimili tulad ng posisyon sa pamamagitan ng "Sapat na Anonimisasyon".

■ Mangyaring tingnan ang mga layunin ng paggamit ng pinrosesong impormasyon tulad ng posisyon sa pamamagitan ng "Sapat na Anonimisasyon", paraan ng pagpoproseso, paggamit o pagtigil sa pagbibigay (opt-out) sa mga ikatlong partido, at iba pang bagay hinggil sa paggamit ng impormasyon ng lokasyon na pinroseso sa pamamagitan ng "Sapat na Anonimisasyon" sa website ng kompanya (https://www.kddi.com/corporate/kddi/public/juubunnatokumeika/).

**Tatlong prinsipyo para sa seguridad ng impormasyon sa paggamit ng smartphone**

(1) I-update ang OS (operating system)
Kailangang i-update ang OS ng smartphone. Kapag gumagamit ng lumang OS, lalong may panganib na mahawaan ng virus. Kaya, kapag ipinaalam ang tungkol sa pag-a-update ng OS, kailangan itong gawin agad.

(2) Tiyakin ang paggamit ng anti-virus na software
Natutuklasan ang ilang aplikasyon na may halong virus. Kapag gumagamit ng smartphone na may Android™ bilang OS, mangyaring gamitin ang "Virus Block" na kasamang inihahatid sa Ponta Pass. Dagdag pa dito, maaari ring gamitin ang Norton 360 na inihahatid kasama ng Safety Security Set kapag gumagamit ng UQ mobile.

(3) Mag-ingat sa pag-iinstall ng mga aplikasyon
Ang ilang website na naglalaan ng mga aplikasyon (pinanggalingan ng mga aplikasyon) ay hindi gaanong gumagawa ng paunang pagsusuri para sa seguridad, atbp. Ang mga aplikasyon na may halong virus ay paminsan-misang natutuklasan mula sa naturang website. Kaya, sa pag-iinstall ng mga aplikasyon, kailangang gamitin ang mapagkakatiwalaang website na para doon ay ginagawa ng kompanyang naglalaan ng OS o kompanya ng mobile phone ang pagsusuri para sa seguridad. At, mag-ingat din sa kakayahan at mga kundisyon sa paggamit ng aplikasyon sa panahon ng pag-iinstall.

## 【Checklist para sa mamimili】Mga Dapat Malaman Hinggil sa Pakikipagkontrata (Buod)

Lagyan ng check ang mga bagay na ipinaliwanang at naintindihan.

| | | |
|---|---|---|
| ☐ | Paglalapat ng Kasunduan at Termino | P1 |
| ☐ | Para sa Gagamit (Serbisyo ng Filtering) | P2 |
| ☐ | Pagbabayad | P3 |
| ☐ | Bayad sa Pagkansela ng Kontrata | P4 |
| ☐ | Kalidad ng Koneksyon at Service Area | P5 |
| ☐ | Paglilimita sa Bilis ng Komunikasyon at Paggamit ng RCS | P6 |
| ☐ | Pagkansela sa Loob ng 8 Araw (Mga Bagay Tungkol sa Panukalang Kumpirmasyon) | P7 |
| ☐ | Paraan ng Pagtingin ng Nilalaman ng Kontrata | P8 |

Mangyaring magtanong sa staff ng tindahan para sa mga katanungan.

| Paraan ng Katanungan | au | | UQ mobile | |
|---|---|---|---|---|
| Chat | Mangyaring i-access ang QR code at magpadala ng chat para sa katanungan.<br>Oras ng Pagtanggap: 24 oras (Walang bakasyon buong taon) | | Mangyaring i-access ang QR code at magpadala ng chat para sa katanungan.<br>Oras ng Pagtanggap: 24 oras (Walang bakasyon buong taon) | |
| Telepono | Mula sa au mobile phone: Walang Area Code 157 (Libre)<br>Mula sa Ibang Telepono: 0077-7-111 (Libre)<br>Oras ng Pagtanggap: 9:00 hanggang 20:00 (Walang bakasyon buong taon) | | Mula sa UQ mobile o landline: 0120-929-818 (libre)<br>Oras ng Pagtanggap: 10:00〜19:00 (Walang bakasyon buong taon) | |

● Ang “QR Code” ay trademark ng Denso Wave Inc. ● Ang “Wi-Fi” ay trademark ng Wi-Fi Alliance.
● Ang “FeliCa” ay trademark ng Sony Corp. ● Ang “Google Play” at “Android” ay trademark ng Google Inc.
● Ang “AppleCare” ay service mark ng Apple Inc.

| Lagda ng Mamimili |
|---|
| Taon Buwan Araw |

〈Tindahan na tumanggap〉

| Pangalan ng Tumanggap |
|---|
| |

**KDDI Corporation**